



COUNTY NG SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-6 ng Agosto, 2020

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

## MGA POSTCARD PARA SA MGA NAKAREHISTRONG BOTANTE – MAKAKAKUHA SILA NG MGA BALOTANG PANGKOREO

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay magpapadala ng mga postcard sa mahigit 1.8 milyong mga nakarehistrong botante sa County ng San Diego sa linggong ito na ipinapaalam sa kanila na asahan ang isang balotang pangkoreo para sa Ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon.

Dahil sa pangyayari ng COVID-19, pinirmahan ng Gobernador ang dalawang executive order upang padalhan ng mga balotang pangkoreo ang bawat aktibong nakarehistrong botante sa California para magamit nila ang kanilang karapatan na bumoto sa isang ligtas, secure at accessible na paraan. Ang mga iyon na kailangang bumoto nang in-person ay mayroong opsyon na iyon.

### Ano ang ibigsabihin nito sa inyo?

- Halos 75% ng mga nakarehistrong botante sa county ay naka-sign up na upang permanenteng matanggap ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo, kung gayon ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ay nasa kalagayan upang pangasiwaan ang pagdami na ito.
- Kung kailangan ninyong bumoto nang in-person, ang mga lugar ng botohan ay magbubukas ng apat na araw, Ika-31 ng Oktubre hanggang Araw ng Eleksyon, Ika-3 ng Nobyembre. Maging handa. Magkakaroon ng mas kaunting mga lokasyon kaysa noong mga nakaraang eleksyon, kung gayon ang inyong lokasyon ay malamang nagbago.

### Ano ang kailangan ninyong gawin?

Paghandaan Ang Pagboto!

- [Check ang inyong impormasyon sa rehistrasyon](#). Siguraduhing ang inyong tirahan at, kung naiiba, inyong adres pangkoreo ay napapanahon.
- Kayo ba ay lumipat o nagpalit ng inyong pangalan? Kung bago kayo sa County ng San Diego o lumipat lamang sa ibang kalye, kailangan ninyong [muling magparehistro para makaboto](#).
- Kayo ba ay isang first-time na botante? [Magparehistro para makaboto](#) – ito ay magagawa ng mas mababa sa 2 minuto!

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE

[1600 Pacific Highway, Room 208](#) · [San Diego, Ca 92101-2472](#)



COUNTY NG SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-6 ng Agosto, 2020

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Bilang tugon sa mga executive order ng gobernador, ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay inilunsad ang kampanyang Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego upang hikayatin ang mga botante na bumoto mula sa tirahan.

Ang mga balota ay sisimulang ipadala sa koreo sa linggo ng Ika-5 ng Oktubre, na binibigyan ang mga botante ng halos isang buwan upang markahan ang kanilang balota at ibalik ito bago ang Araw ng Eleksyon.

Maaari na ninyong i-track ngayon ang bawat hakbang ng inyong balotang pangkoreo sa pamamagitan ng pag-sign up para sa **“Nasaan Ang Aking Balota?”**. Mag-sign up na ngayon upang makatanggap ng mga awtomatik na notipikasyon sa [sdvote.com](https://sdvote.com).

## Paano kung kailangan ninyong bumoto nang in person?

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay hinihikayat kayo na samantalain ang maagang pagboto:

- Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes simula Ika-5 ng Oktubre sa opisina ng Tagapagrehistro.
- Ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Sabado, Ika-31 ng Oktubre hanggang Lunes, Ika-2 ng Nobyembre sa inyong itinalagang lugar ng botohan o opisina ng Tagapagrehistro.

Ang Opisina ng Tagapagrehistro at mga lugar ng botohan ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Ika-3 ng Nobyembre.

Kung napagdesisyunan ninyo na bumoto nang in-person, siguraduhing dalhin ang inyong balotang pangkoreo at paghandaan ang mahahabang linya. Hinihikayat lalo ng Tagapagrehistro ang mga nakakatanda at mga taong mayroong mga underlying medical condition na iwasan ang mahahabang linya at punong puno na mga lugar ng botohan sa pamamagitan ng maagang pagboto.

Dagdagan ang kaalaman tungkol sa pagboto sa pampanguluhang pangkalahatang eleksyon sa [sdvote.com](https://sdvote.com) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER



COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE

[1600 Pacific Highway, Room 208](https://www.sdcgov.com/1600-Pacific-Highway-Room-208) · [San Diego, Ca 92101-2472](https://www.sdcgov.com/San-Diego-Ca-92101-2472)